# SISIHAN

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Enero 15, 2022

Ang unang sisihan ay nangyari kina Adan at Eba. Tinukso ng ahas si Eba na kainin ang ipinagbabawal na bunga. Pagkatapos, tinukso din niya si Adan. Sinisi ni Adan si Eba at sinisi naman ni Eba ang ahas (Gen. 3). Sino ang may kasalanan? Ang kanilang pagsang-ayon ang nagtulak sa pagnanasa nila sa laman. Namana din natin ang ganitong katangian mula kina Adan at Eba. Dapat na nating itigil ang ganitong pag iisip at paghahanap ng mga taong sisisihin. Laging may kahihinatnan ang bawat kilos natin. Humingi tayo patnubay at gabay sa Banal na Espiritu. Inako na ni Hesus ang kasalanan ng mundo at tinangay na Niya ito. Kung kinikilala natin ang ating kasalanan, hindi na natin dapat pasanin ang bigat ng ating pagkakasala.

**1. Bakit sina Adan at Eba ang may pananagutan?**

1.1. Alam nila ang kautusan(Gen.2:16-17).
1.2. Alam nila ang kahihinatnan. Mamamatay sila at magkakasala (Gen.2:17).
1.3. Wala silang pagpipilian (Gen.3:6).

**2. Maraming halimbawa ang ipinapakita sa Bibliya kung anong mangyayari kung sisisihin nila ang ibang tao:**

**2.1.** Pinatay ni Cain si Abel dahil sa selos (Gen.4:9). Isinumpa at pinalayas siya sa lupain.
**2.2.** Sinisi ng mga Israelita si Moises dahil inalis sila sa Ehipto.
**2.3.** Nagsisihan sina Abram at Sarai pagkatapos sabihan ni Sarai si Abram na sipingan niya ang kaniyang alipin at siya'y nagkaanak (Gen.16).
**2.4.** Sinisi ni Esau si Jacob dahil kinuha niya ang karapatan niya bilang panganay (Gen.27:36).
**2.5.** Sa pagkawala ni Moises, pinaalis ni Aaron ang lahat ng kanilang mga alahas, at nagsimula na silang magsisihan.
**2.6.** Nakisiping si David sa isang babae at nabuntis ito (2 Sam.11:2-5) at nagplanong patayin ang asawa. Hindi nasiyahan ang Diyos kay David.
**2.7.** Sinuway ni Saul ang Diyos sa kagustuhang masiyahan ang mga tao at kinuha na sa kanya ang kanyang kaharian.

**3.Paano tumugon si Hesus sa mga biktima ng maling pag-iisip?**

**3.1.** Sinabi ng Diyos sa lalaking may kapansanan, "Tumindig ka, dalhin mo ang iyong higaan at lumakad ka" (Jn. 5:8). Sinubok ni Hesus ang kagustuhan niyang gumaling. Maysakit siya ngunit hindi niya tinulungan ang kanyang sarili; sa halip sinisi niya ang iba, "wala pong maglusong sa akin."
**3.2.** Gusto ng Diyos na maging matagumpay tayo. Gusto Niyang gumawa tayo ng paraang dalhin ang ating higaan at gumawa nang tama. Iwaksi ang lumang buhay at isuko lahat sa Kanya (2Cor.5-7).

**4. May 3 bahagi kung saan ang pananampalataya ay personal nating responsibilidad:**

4.1. Pananalig na may paninindigan sa sarili
4.2. Pananalig na may paninindigan para sa iba
4.3. Pananalig na may taong pinagkalooban ng kakayahang magpagaling

**5. Ang 3 bagay na hindi natin dapat isisi sa iba.**

**5.1. Pansariling responsibilidad.** Sa araw ng paghuhukom, aanihin natin kung ano ang ating inihasik (Gal.6:7-8).
**5.2. Ang ating espiritwalidad**. Maghanap tayo ng paraan paano mabigyan ng kaluwalhatian at pagmamahal ang Diyos at bigyan ng kaligtasan ang mga naliligaw ng landas.
**5.3. Ang ating mga kasalanan.** Huwag nating sisihin ang Diyos (San1:13-16). Ang kaaway ay si satanas na laging naghahanap ng mananakaw. Laging may bunga ang ating mga kilos, ngunit tinuruan tayo ng Diyos na magdasal "huwag mo kaming ipahintulot sa tukso at iadya mo kami sa lahat ng masasama" (Mt.6:13).

**Konklusyon:**

Lagi tayong susubukan dahil sa buhay na ito, ang malakas, hindi matitinag na pananalig ay hindi maginhawang buhay. Manalangin tayo na di magigiba ang ating pananalig. Maglaan tayo ng oras para manalangin at magpuri sa Diyos at matutong magtiwala sa Kanya, para malabanan natin ang ating mga pagsubok sa buhay.

**Pagninilay:**

1. Anong uri ng banig (pagkabalisa, pag-alinlangan) ang iyong hinihigaan?
2. Ano ang nakalulumpo at nakapipilay sa iyo?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/l
Tags #Pagsuway#Kasalanan#Pananampalataya